



PAGTITIPID NG PERA SA PAMAMAGITAN NG

PAG-RECYCLE, PAGGAWA NG PATABA

Naghain si Yvonne Jacobs ng masasarap na pagkain sa loob ng 20 taon sa **My Homestyle Café**. Sa nakalipas na dalawang taon, pagkatapos makipagtulungan sa mga espesyalista sa Recology Vallejo Waste Zero, naging tagapagsulong siya ng pag-recycle at paggawa ng pataba, na bumabawas sa mga ipinapadala niyang basura sa tambakan ng basura at sa kanyang bayarin sa basura.

"Natutunan ko kung paano mag-recycle, at mas marunong na ako ngayon," sabi ni Jacobs, at binanggit na pinaghihiwalay na niya ngayon ang karton, mga bote, at mga lata para sa pag-recycle at ang mga tira-tira sa kusina at mga tira-tira sa plato para sa paggawa ng pataba. "Hindi ko na kailangan ang malalaking basurahan, kaya nagawa kong paliitin ito at makatipid ng pera."

Ang restaurant sa 523 Marin St. ay nagsimula sa isang malaking 1-yarda na basurahang metal tungo sa isang 64-gallon na basurahan.

Sinabi ni Jacobs na "nakatipid ako ng maraming pera" sa pagbabago at nakakagawa ito ng mabuti para sa kapaligiran.

Nangailangan ng sanayan ang pagkatuto ng mga diskarte sa pag-uuri, sabi ni Jacobs, ngunit salamat sa patnubay mula sa mga espesyalista sa Recology Waste Zero, kumpiyansa siya at ang kanyang kapatid na babae, na tanging empleyado ng My Homestyle Café, na alam nila kung ano ang mapupunta sa aling basurahan.

Pinapayuhan niya ang lahat ng negosyo na samantalain ang mga praktikal at pinansyal na benepisyo ng pagbabawas ng basura at higit pang pag-recycle at paggawa ng pataba.



Yvonne Jacobs

*Kung nangangailangan ang iyong negosyo ng impormasyon o pagsasanay tungkol sa pag-recycle at paggawa ng pataba, tawagan ang Recology Vallejo sa **707.552.3110** upang magsaayos ng libreng pagbisita sa lugar.*

KOMERSYAL PAGTAAS NG RATE SA ENERO 1, 2025

Ang mga buwanang rate ay nakabatay sa laki ng basurahan. Kasama sa rate ang lingguhang pagkolekta ng mga asul na cart para sa nire-recycle at berdeng cart para sa mga organic.

	KASALUKUYAN	BAGO
32-gal.	\$83.46	\$87.63
64-gal.	\$165.23	\$173.49
96-gal.	\$216.84	\$227.68

WASTE ZERO CORNER

ISANG RESOLUSYON SA PAG-RECYCLE SA BAGONG TAON

Samahan kami sa pagtatakda ng layunin para sa 2025 para

mabawasan ang mga materyales na ipinapadala namin sa tambakan ng basura (na maaaring makabawas sa iyong singil).

Sa pagsisimula ng bagong taon, maaaring makita mong sinusuri ng isang may-aring empleyado ng Recology ang mga basurahan mo. Nagsasagawa kami ng mga taunang pagsusuri ng ruta na iniaatas ng

SB 1383. Nagbibigay-daan ito sa amin na makita kung gaano kahusay ang pag-uuri ng mga negosyo sa kanilang basura at kung anong edukasyon ang pinakakailangan.

Ang aming pangkat ng Waste Zero ay makakapagbigay ng mga gabay sa pag-uuri, rekomendasyon sa laki ng basurahan, at pag-audit ng basura. Nagsasagawa kami ng mga pang-edukasyon na presentasyon para sa mga may maramihang pamilya na ari-arian, negosyo, at paaralan. Tawagan kami sa **707.552.3110**.



Mag-recycle Nang Tama

TINATANGGAP

PLASTIK



Mga bote, batya, pitsel

Malinis at tuyo

METAL

Mga lata ng Pagkain/ Soda


Mga aluminum foil/tray



BABASAGIN

Mga bote

Mga garapon



PAPEL/ KARTON

Pitpitin ang karton



HINDI TINATANGGAP

Bawal ang mga plastik na supot

Bawal ang mga nakakabuhol (mga lubid, hose, bag)

Bawal ang mga elektronikong gamit

Bawal ang mga mapanganib na basura (mga batarya, langis, pintura, mga kemikal)

Bawal ang maliliit o maninipis na plastik (packaging, mga kubyertos, mga pambalot, mga bag)

Bawal ang mga ceramic o baso at pinggan

Bawal ang mga retasong metal



PAKITANDAAN:

Alisan ng pagkain o likido ang mga nare-recycle, na pinapanatiling malinis at tuyo ang mga ito hangga't maaari. Ayos lang ang kaunting latak.

Ang pag-recycle ay inaayos nang mano-mano. Ilagay ang mga nare-recycle nang kalas-kalas sa iyong asul na cart.

HERARKIYA NG PAGPAPANATILI

TUMANGGI: Bumili lamang ng kailangan mo, gamitin ang mayroon ka.

MAGBAWAS: Limitahan ang dami ng mga produktong ginagamit.

MULING GAMITIN: Ipamigay ang mga bagay na magagamit pa.

MAG-RECYCLE: Ilagay ang mga nare-recycle nang kalas-kalas at tuyo sa iyong asul na basurahan.

PABULUKIN: Ilagay ang mga tirang pagkain, papel na nadumihan sa pagkain, at basura sa bakuran sa berdeng basurahan para gawing pataba.

TAMBAKAN NG BASURA: Ito ang dapat na huling opsyon para sa mga basurang wala nang ibang gamit.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon